BIBLE
316

# Ano ang Biblia?

**Ano ang Biblia?** Sa pamamagitan nito ay nagsasalita ang Diyos sa iyo. Ito ay hindi lamang tungkol sa Diyos. Ito ay mula sa Diyos. Hindi lang ito nagbibigay ng inspirasyon. Sa halip, ito ay kinasihan (hiningahan) ng Diyos. Basahin mo ito Pakinggan. Isipin ito. Matuto mula rito. Isabuhay mo ito. Sinabi ni Apostol Pedro, *"Gaya ng sanggol, kayo'y manabik sa dalisay na gatas na espirituwal upang lumago kayo tungo sa kaligtasan"* 1 Pedro 2:2.

**Paanong natatangi ang Biblia?** Ang 66 na mga aklat na nasa Biblia ay naisulat sa tatlong wika (Hebreo, Aramaico, at Griego) ng mahigit apatnapung may akda. Ang pagsusulat ay naganap sa loob ng 1,600 taon na mayroong iisa at hindi nagbabagong tema sa bawat siglo. Ang Bagong Tipan ay pinagtibay sa loob ng mahigit 5,000 mga matatandang manuskrito, buo man o hindi ang mga kopyang ito. Ang pagiging tumpak ng Biblia ay pinatotohanan sa pamamagitan ng mga natupad na propesiya nito na napatunayan sa pamamagitan ng mga modernong tuklas sa arkeolohiya, wastong heograpiya, at maging sa hindi nagmamaliw na karunungan ng Kawikaan. Ang Biblia ang siyang pinakamahalaga at maimpluwensiyang aklat na naisulat sa buong kasaysayan. Wala anumang aklat na mayroong napakaraming mga kopya na nailimbag, naipamahagi sa lahat, at naisalin sa napakaraming mga wika, makapangyarihang bumago ng buhay, at nanatili sa napakaraming mga siglo. Ang Biblia ang siyang ultimo o ganap na awtoridad sa anumang dapat nating paniwalaan at sa kung paano tayo dapat mamuhay. Ang Biblia lamang ang siyang nakahihigit na aklat sa lahat ng mga aklat.

**Ano ang mga katangian ng Biblia?**

Ang Biblia ay kinasihan ng Diyos. *"Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos,"* 2 Timoteo 3:16.

Ang Biblia ay totoo. Dalangin ni Jesus, *"Ibukod mo sila sa iyo sa pamamagitan ng katotohanan; ang salita mo ang katotohanan,"* Juan 17:17.

Ang Biblia ay tumpak sa kanyang pinakamaliit na detalye. Ang sabi ni Jesus, *"Tandaan ninyo: maglalaho ang langit at ang lupa, ngunit ni isang tuldok o kudlit man ng Kautusan ay di mawawalan ng bisa hangga't hindi natutupad ang lahat."* Mateo 5:18. Ang katumpakan na mayroon sa orihinal na mga manuskrito ay napanatili kaya ang mga pagsasalin na ginawa sa kapanuhang ito ay maituturing na mayroong 99% na katumpakan.

Ang Biblia ay dalisay. *"Ang mga pangako ni Yahweh ay maaasahan, ang katulad nila'y pilak na lantay; tinunaw sa hurnong hinukay, pitong beses na pinadalisay."* Awit 12:6.

Ang Biblia ay hindi magmamaliw. *"Oo, ang damo'y nalalanta, at kumukupas ang mga bulaklak, ngunit ang salita ng ating Diyos ay mananatili magpakailanman."*

Isaias 40:8. Ang Biblia ay napapanahon pa rin hanggang ngayon kung paanong ito ay napapanahon sa unang pagkakasulat nito.

Ang Biblia ay makapangyarihan. Sinasabi sa Hebreo 4:12, *"Ang salita ng Diyos ay buháy at mabisa, mas matalas kaysa alinmang tabak na sa magkabila'y may talim. Ito'y tumatagos maging sa kaibuturan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at buto, at nakakaalam ng mga iniisip at binabalak ng puso."*

**Anong personal na kapakinabangan ang nagmumula sa Biblia?**

Ang Biblia ay nagbibigay sa atin ng kahandaan. *"Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagsaway sa kamalian, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay, upang ang lingkod ng Diyos ay maging ganap at handa sa lahat ng mabubuting gawain."* 2 Timoteo 3:16-17.

Ang Biblia ay tumutulong sa atin na huwag magkasala. Sinasabi sa atin sa Awit 119:9, 11 kung paano ito nangyayari. *"Paano mapapanatiling malinis ang pamumuhay ng sinumang tao, sa kanilang kabataan? Sa pamamagitan ng pagsunod sa banal mong kautusan."* Sinasabi rin, *"Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, upang hindi magkasala laban sa iyo kailanman."*

Ang Biblia ay nagbibigay sa atin ng gabay ngayon (sa ating dapat na sunod na hakbang) at ng direksyon sa ating kinabukasan (landas na dapat tahakin). *"Salita mo'y isang tanglaw na sa akin ay patnubay, sa landas kong daraanan, liwanag na tumatanglaw,"* Awit 119:105.

Ang Biblia ay nagbibigay sa atin ng karunungan. *"Ang liwanag ng turo mo'y nagsisilbing isang tanglaw, nagbibigay dunong ito sa wala pang karanasan."* Awit 119:130. Ang hindi nagmamaliw na karunungan ay matatagpuan sa Kawikaan ng Lumang Tipan.

Ang Biblia ay tumutulong sa atin sa oras ng kahirapan. Sa Awit 119:50 ay sinasabi sa atin, *"Sa gitna ng kahirapan, ang nadama ko ay aliw, pagkat buhay ang natamo sa pangako mo sa akin."*

Ang Biblia ay nagbibigay sa atin ng pag-asa. *"Anumang nasa Kasulatan noon pang una ay nasulat sa ikatututo natin, upang sa pamamagitan ng pagtitiis at sa pagpapalakas ng loob mula sa kasulatan ay magkaroon tayo ng pag-asa."* Roma 15:4.

Ang Biblia ay nagbibigay sa atin ng kapayapaan. Ipinapangako sa Awit 119:165, *"Ang magmahal sa utos mo'y mapayapa yaong buhay, matatag ang taong ito at hindi na mabubuwal."*

Ang Biblia ay naghahatid sa atin ng kagalakan. Isang halimbawa nito ay matatagpuan natin sa sinasabi sa Jeremias 15:16, "*Nagsalita ka sa akin, at pinakinggan kitang mabuti. Ang mga salita mo'y aking kagalakan. Ako'y sa iyo, Yahweh, Diyos na Makapangyarihan sa lahat.*"

**Paano dapat basahin o pakinggan ang Biblia?** Dapat mong suriin ang sinasabi sa mga talata, hindi lamang sa isa. Isaalang-alang mo ang apat na layunin ng Biblia na makikita sa talatang ito, *"Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at kapaki-pakinabang sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagsaway sa kamalian, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay."* 2 Timoteo 3:16. Sa iyong pagbabasa o pakikinig, maaari mong itanong ang apat na katanungang ito. Ano ang itinuturo nito sa akin? Paano ako sinasaway ng talatang ito? Anong mga pagtutuwid ang dapat kong gawin? Paano ako nito sinasanay na higit pang maging matuwid?

**Paano kung wala pa akong Biblia?** Gawin mo ang lahat ng paraan para makabili ka ng magandang salin ng Biblia. Kung hindi mo kayang makabili, maraming mga libreng mga Biblia na matatagpuan online na pwede mong basahin at pakinggan. Pag-isipan mong makabili ng Biblia na kasama ang iyong kaibigan o mga kaibigan at ito'y iyong ibahagi. Pwede rin na hilingin mo sa iyong kasama sa simbahan na basahin ang Biblia sa harapan ng isang grupo upang mapakinggan ito ng mabuti. *"Higit na pinagpala ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito!* [sumusunod at umaayon rito]" Lukas 11:28.

**Ano ang ilang mga espesyal na talata para sa mga tagapagturo ng Biblia at mga tagapamuno?** Maging disipulo ni Jesus na nananatili (namumuhay) sa kanyang Salita. Ang sabi ni Jesus sa mga Judio na naniniwala sa Kanya, *"Kung patuloy kayong susunod sa aking turo, kayo nga'y tunay na mga alagad ko"* Juan 8:31. Dapat mong pag-aralan ang Biblia upang maging nararapat. *"Sikapin mong maging kalugud-lugod sa paningin ng Diyos, isang manggagawang walang dapat ikahiya at tama ang paggamit sa salita ng katotohanan."* 2 Timoteo 2:15.

**Bakit ang Biblia ay may walang hanggang kahalagahan?** Ayon kay Apostol Juan, mayroon siyang layunin sa pagkakasulat ng kanyang Ebanghelyo. Ang layunin na iyon ay pwedeng gamitin para sa buong Biblia. *"Marami pang mga himalang ginawa si Jesus na nasaksihan ng mga alagad na hindi nakasulat sa aklat na ito. Ngunit ang mga nakasulat dito ay isinulat upang kayo'y sumampalataya na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos, at sa pagsampalatayang iyon ay magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya."* Juan 20:30-31. Paano ka ba sasampalataya kay Jesus at magkakaroon ng buhay na walang hanggan? Alamin ang sagot sa www.Gospel316.org.

**"Oo, ang damo'y nalalanta, at kumukupas ang mga bulaklak, ngunit ang salita ng ating Diyos ay mananatili magpakailanman."Isaias40:8.**

---

*Ano ang Biblia?* © ni John D. Morris III ay inilathala ng Acts One Eight. Malaya mo itong i-print, kopyahin, i-post, i-email, o i-mensahe nang hindi binabago ang nilalaman at kasama ang buong pahayag na ito. Maaari mong idagdag ang pangalan o logo ng iyong ministeryo o simbahan sa itaas ng unang pahina, at idagdag ang iyong contact information sa itaas ng solidong linya sa ibaba ng ikalawang pahina. Ang Bible316 ay nakabatay lamang sa Biblia. Ito ay umiiral upang tulungan ang mga tao na magkaroon ng pananampalataya kay Jesu-Cristo at lumago bilang Kanyang mga alagad. Maaari kang mag-email sa Acts One Eight (sa Ingles kung maaari) sa: Hello@Mail316.org. Ang mga serbisyo ng pagsasalin para sa mga hindi Ingles na bersyon ay mula sa www.ChristianLingua.com. Ano ang Biblia? ay makukuha sa 48 na wika ng libre sa www.Bible316.org. Ang mga sipi ng Biblia sa Ingles na bersyon ay mula sa New American Standard Bible 1995 ng The Lockman Foundation. Ang mga sipi ng Biblia sa pagsasaling ito ay mula sa Magandang Balita Biblia 2012.